**Education Bureau**
The Government of the
Hong Kong Special Administrative Region
of the People's Republic of China

# Patakaran sa Edukasyong Kindergarten Suporta para sa mga Batang Hindi Nagsasalita ng Wikang Tsino

Ang maagang pagkatuto ng mga batang hindi nagsasalita ng wikang Tsino (NCS) ay magpapadali sa pakikibagay nila sa pangunahing kurikulum at sa integrasyon sa lokal na komunidad. Ang mga magulang ng mga batang NCS ay hinihikayat na papasukin ang kanilang mga anak sa mga kindergarten (KGs) kung saan may kapaligiran na malawakang ginagamit ang wikang Tsino sa lalong madaling panahon upang mapadali ang pagkatuto nila ng wikang Tsino. Kaugnay nito, ang Pamahalaan ay naglatag ng isang serye ng mga suportang hakbang para sa mga batang NCS sa mga KGs.



In case of any discrepancy between the English version and the other language version, the English version shall prevail.

(2022 isinapanahong bersyon) Tagalog

## Mga Suportang Hakbang para sa mga Batang Kindergarten na Hindi Nagsasalita ng Wikang Tsino

### Pagtanggap sa mga KGs

- Lahat ng mga KGs ay kailangang magtiyak na mayroong pantay-pantay na oportunidad sa pagtanggap ng mga bata maging anupaman ang kanilang lahi, kasarian at kakayahan, at ang kanilang makanismo ng pagtanggap na naka-base sa paaralan ay kailangang patas, makatarungan, bukas at sumusunod sa mga ordinansa ukol sa diskriminasyon.
- Ang mga KGs ay pinaaalalahanang magbigay ng parehong Tsino at Ingles na bersyon ng kanilang mga form ng aplikasyon pati na ng mga kaukulang impormasyon, at lumikha ng isang icon o magbigay ng isang simpleng mensahe sa Ingles sa webpage ng paaralan upang mapadali ang pag-akses ng mga magulang sa bersyong Ingles ng impormasyon. Ang mga KGs ay pinapaalalahanan rin na tahasang banggitin sa website ng paaralan na kung ang mga panayam ay naisaayos na para sa mga batang NCS, ang KGs ay kailangang mag-asikaso ng serbisyong interpretasyon at/o pagsasaling-wika para sa mga aplikante saan man kakailanganin o payagan ang mga magulang at ang mga anak na masamahan ng isang kamag-anak/kaibigan na nagsasalita ng wikang Tsino sa panahon ng panayam upang mapadali ang komunikasyon. Ang KGs ay kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa suporta ng paaralan ng mga NCS ng mga bata, numero ng telepono para sa katanungan at email address para sa mga magulang ng NCS na kabataan sa website ng paaralan.
- Nag-oorganisa taun-taon ng mga pantas-aral para sa mga magulang ng mga batang NCS kaugnay ng pagpasok sa Nursery (K1). Nagbibigay ng serbisyong interpretasyon ayon sa naaangkop.
- Ang mga naaangkop na kagamitan na inilimbag ng Kagawaran ng Edukasyon (EDB), tulad ng mga polyeto, karatula, mga form ng aplikasyon at mga mga paunawa at patnubay patungkol sa " Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagpaparehistro para sa Pagtanggap sa KG" pati na rin ang mga subtitle ng mga pampublikong anunsyo ay isinalin sa mga wika ng iba't ibang lahi.
- Ang Balangkas ng KG, na inilathala sa parehong wikang Ingles at Tsino, ay nagbibigay ng isang malawig na impormasyon tungkol sa paaralan, kabilang ang suporta sa mga mag-aaral na NCS, na siyang nagsisilbing kapaki-pakinabang na sanggunian para sa mga magulang sa pagpili ng paaralan.
- Kung ang mga indibidwal na batang NCS ay mahaharap sa mga matitinding kahirapan sa pagsusumikap na makapasok sa mga KGs, magtuturo ang EDB ng mga mapupuntahan, ayon sa naaangkop, sa mga KGs na sumasali sa iskema edukasyong KG (Iskema-KGs) na mayroong mga bakante.

### Naglilingkod sa mga Pangangailangan ng Mag-aaral na NCS

- Upang masuportahan ang mga KGs sa paglilingkod para sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral na NCS, ang mga iba't ibang serbisyo ng pagsuporta na naka-base sa paaralan ay ibinabahagi. Ang mga KGs an tumatanggap ng mga mag-aaral ng NCS ay maaaring magpatala para sa mga naaangkop na mga serbisyo ayon sa kanilang pangangailangan sap ag-unlad sa paaralan.
- Ang mga programa para sa propesyunal na pagsasanay ay ibinibigay sa mga guro ng KG para sa pagtuturo at pag-aaral ng wikang Tsino para sa mga NCS na mag-aaral.
- Simula sa taon ng pagpasok 2019/20, pinino na namin ang karagdagang subsidiya sa suporta sa mga mag-aaral na NCS. Ang subsidiyang 5-tiered ay ibinibigay sa Iskema-KGs ayon sa dami ng mga mag-aaral na NCS na tinanggap upang pangasiwaan ang kanilang suporta para sa mga mag-aaral na NCS. Ang mga KGs na tumatanggap ng 1 mag-aaral na NCS ay tatanggap din ng subsidiya. Ang buong taong probisyon para sa pinakamataas na antas sa taon ng paaralan 2021/22 ay humigit kumulang na $800,000.
- Upang makatulong sa mga KGs na palakasin ang kanilang komunikasyon sa mga magulang ng mag-aaral ng NCS, ang set ng mga Cue Cards nang may mga audio files para sa Komunikasyon at ang set ng mga template na karaniwang ginagamit na sirkular sa paaralan ay isinalin sa mga wika ng iba't ibang lahi para sa paggamit ng KGs.
- Ang Gabay ng Kurikulum para sa Edukasyon ng KG ay nagtakda ng mga direksyon at mga prinsipyo upang mapadali ang integrasyon ng mga mag-aaral na NCS sa lokal na kapaligiran ng paaralan, pati na ang pagpapakilala ng mga tukoy na estratehiya at mga makabuluhang mapagkukunan ukol sa kung paanong matutulungan ng mga guro ang mga mag-aaral na NCS na matuto ng wikang Tsino.

## Iba pang Impormasyon

### Para sa karagdagang impormasyon o tulong, makipag-uganayan sa EDB:

| Mga Telepono ng mga Regional Educational Offices: | | | |
|---|---|---|---|
| (HK) | 2863 4646 | (NTE) | 2639 4876 |
| (KLN) | 3698 4108 | (NTW) | 2437 7272 |

| Telepono ng Pinagsamang Tanggapan para sa mga Kindergarten at mga Sentro para sa Pag-aalaga ng mga Bata: |
|---|
| 3107 2197 |

| Hotline para sa mga magulang ng mga batang NCS kaugnay ng pagpasok sa mga KGs: |
|---|
| 2892 6676 |

### Iba pang mga makakatulong na website:

Iskema ng Edukasyong KG
http://www.edb.gov.hk/free-quality-kg-edu_en

Mga Pag-aasikaso para Makapasok sa mga Klaseng Nursery(K1) sa mga KGs
http://www.edb.gov.hk/k1-admission_e

Balangkas ng KG
http://www.chsc.hk/kindergarten/en

Mga Serbisyong Pang-edukasyon para sa mga Mag-aaral na NCS
http://www.edb.gov.hk/ncs